Republic of the Philippines
Department of Education
Negros Island Region
**DIVISION OF SILAY CITY**
City of Silay

# Kasanayan Pangkomunikasyon

## Learning Strand 1

## Advanced Elementary/Secondary


**Writers:**

Sharon R. Balasan
Malou S. Calbonera
Eunice Erika A. Corentin
Paulo I. Gabales
Ma. Cecilia J. Galilea
Hera A. Golez
Maria Mara M. HInolan
Mary Mae D. Onate


Alternative Learning System

Republic of the Philippines
Department of Education
Negros Island Region
Division of Silay City

**LEARNING RESOURCES MANAGEMENT AND DEVELOPMENT SYSTEM**

City of Silay


## COPYRIGHT NOTICE

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This ALS supplementary material was originally developed by teachers in the Alternative Learning System, Division of Silay City, Department of Education. It may be reproduced solely for educational purposes on condition that the source is duly acknowledged.

This edition has been reproduced for print and online distribution through the Learning Resources Management and Development System (LRMDS) Portal, Department of Education, Division of Silay City.

**I. LAYUNIN*:***

1. Pagtukoy sa mga mahahalagang detalye sa kuwentong nabasa.

2. Paggamit at pagbibigay kahulugan ng mga idyomatikong pahayag.

**II.KASANAYAN:** Pag-unawa sa tekstong nabasa

**III.SANGGUNIAN**: Learners' Checklist of Skills (RPL 4)

## Pamilya Nobleza

(Liwanag at Dilim)



Sa isang pamayanan sa Sitio Golf, Brgy. Guinhalaran, Silay City ay may nakatirang isang mag-anak. Ang haligi ng tahanan na si Mang Cardo ay isang mangingisda at ang kanyang kabiyak na si Aling Cora ay siyang nagbebenta ng kanyang mga huli. Sila ay biniyayaan ng tatlong supling na sina Caloy, ang panganay, si Carla, at ang bunso na si Carina.




Itinuturing na hulog ng langit nina Mang Cardo at Aling Cora ang kanilang mga anak. Kahit sa murang edad ay katuwang na nila ang mga ito sa paghahanap-buhay. Si Caloy ay kaagapay ng kanyang ama sa panghuhuli ng isda tuwing Sabado't Linggo. Si Carla ang kasa-kasama ng kanyang ina sa paglalako ng isda sa talipapa ng Guinhalaran. Ang bunso naman sa pamilya na si Carina ay tumutulong sa mga gawaing bahay.

Division of Silay City



Sadyang kahanga-hanga ang Pamilya Nobleza. Hindi man sagana sa yaman ay puno naman ng pagmamahalan ang sariling pugad nila. Ngunit sadyang mapaglaro ang tadhana, ang inaakala nilang masayahin at responsableng si Caloy ay unti-unting na palang sinusubok ng pagkakataon. Mula sa pagiging masipag ay unti-unting naging batugan. Ang dating masayahin ay naging iritable. Nalaman na lamang ni Aling Cora mula sa mga makakati ang dila na mga tindera sa talipapa na sumasama na pala ang anak sa mga halang ang bituka na gumagawa ng illegal na gawain. Napabarkada na ang kanilang panganay sa mga kabataang nalilihis ang landas hanggang sa tuluyan na itong nahinto sa pag-aaral.

“Wala kang utang na loob!” Hindi napigilang nasumbat ni Mang Cardo sa anak. “Nagkakandakuba kami ng iyong ina sa paghahanap-buhay para lang mabigyan kayo ng magandang kinabukasan.”

Parang walang narinig at tinalikuran lamang ni Caloy ang ama. Nandilim ang paningin ni Mang Cardo at walang kagatol-gatol na napagbuhatan ng kamay ang anak. Naglayas si Caloy at lalo itong nalulong sa bawal na gamot.



Sa kabilang banda, ang anak nilang babae na si Carla ay subsob sa pag-aaral. Naging iskolar siya ng Lungsod ng Silay at nakapag-aral sa isang pampublikong kolehiyo. Kumuha siya ng kursong edukasyon. Binuhos ni Carla ang kanyang oras sa pagsusunog ng kilay hanggang siya ay nakatuntong sa entablado at nakakuha ng parangal. Pinalad rin siyang makapasa sa Panglisensyadong Pagsusulit at siya ay naging ganap na guro sa pampublikong paaralan.

Abot-langit ang kasiyahan ng kanyang mga magulang dahil sa naabot na tagumpay ni Carla. Siya na rin ang nagpapaaral sa kanyang bunsong kapatid na si Carina. Ipinagamot niya ang kanyang kapatid na si Caloy hanggang sa tuluyang gumaling. Inirekomenda niya sa mga kakilalang guro sa Alternative Learning System ang kalagayan ng kanyang kuya.

Sa tulong ng mga programa sa Alternative Learning System (ALS) ay naibalik ang pagnanais ni Caloy na makatapos ng pag-aaral. Kumuha siya ng Accreditation and Equivalency Test at matagumpay niya itong naipasa. Nag-aral siya sa TESDA at kumuha ng Kasanayan sa Pagwewelding. Sa kasalukuyan ay nagtatrabaho siya sa isang malaking kompanya sa Japan. Nakapagpapadala na rin siya ng pera sa kanyang mga magulang bilang pantustos sa pang-araw-araw at pag-aaral ng bunsong kapatid na si Carina.

Sa sunod na pag-uwi ni Caloy sa Pilipinas ay aasikasuhin na niya ang pag-iisang dibdib nila ng kaniyang kasintahang si Rita.

Marami mang unos ang dumating sa Pamilya Nobleza, sama-sama nila itong nalampasan sa tulong na rin ng bawat miyembro nito. Marami mang naisakripisyo sina Mang Cardo at Aling Cora ay napalitan naman ito ng walang humpay na kaligayahan na makitang nasa mabuting estado na ang kanilang mga anak.

**IV. Mga Katanungan/Pagtataya:**

A. Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Sinu-sino ang mga tauhan sa kwento?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

2. Bakit napariwara ang Buhay ni Caloy?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3. Paano nagtagumpay si Carla?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

4. Paano nilagpasan ni Carlo ang pagsubok na dumating sa kanyang buhay?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

5. Anong aral ang makukuha sa kwento?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

B. Panuto: Iugnay ang kahulugan sa Hanay B sa mga Idyoma na nasa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa bawat patlang.

| A | B |
|---|---|
| ______1. Haligi ng tahanan | a. pinag-uukulan ng pabor |
| ______2. Makakati ang dila | b. Kasalan |
| ______3. Halang ang bituka | c. Kriminal |
| ______4. Nagsusunog ng kilay | d. napariwara |
| ______5. Utang na loob | e. daldalera/daldalero |
| ______6. Hulog ng langit | f. tahanan |
| ______7. Pag-iisang dibdib | g. sinaktan |
| ______8. Sariling pugad | h. nag-aaral ng mabuti |
| ______9. Pinagbuhatan ng kamay | i. kalimutan |
| ______10. Nalihis ng landas | j. biyaya |
| | k. ama |

Department of Education
Division of Silay City